# Sinasadya ng isa sa inyo na paluin ang asawa nito tulad ng pagpalo sa isang alipin,at marahil ay nakikipagtalik sa kanya sa huling araw nito

Ayon kay 'Abdullah bin Zam'ah-malugod si Allah sa kanya-Narinig niya ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsesermon,At nabanggit niya ang Kamelyo at ang bumigti nito.Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-{Nang lumantad ang pinakabuktot na tao sa kanilang lipon:} Lumantad sa kanya ang isang lalaking walang kasingtulad,naglalaganap ng katiwalian,walang nakakagapi [sa kanya] sa lipon niya))Pagkatapos ay binanggit niya ang kababaihan,Nangaral siya sa kanila,Nagsabi siya:((Sinasadya ng isa sa inyo na paluin ang asawa nito tulad ng pagpalo sa isang alipin,at marahil ay nakikipagtalik sa kanya sa huling araw nito)) Pagkatapos ay Nangaral siya sa kanila dahil sa pagtawa nila sa utot,At nagsabi siya:((Bakit tumatawa ang isa sa inyo sa ginagawa niya?!))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapahayag ni 'Abdullah bin Zam'ah malugod si Allah sa kanya-Na narinig niya ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsesermon [habang siya ay nasa itaas ng] kamelyo niya,Dahil ang Sugo-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-kabilang sa patnubay niya ay hindi nagpapahirap, Hindi siya naghahanap ng wala,at hindi niya tinatanggihan ang anumang bagay na mayroon, kung wala itong halong pagbabali-wala sa Batas ng Islam,o pinapalampas niya ito.Siya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagsesermon at narinig siya ni 'Abdullah bin Zam'ah.At kabilang sa kabuuan ng naging sermon niya,Tunay na narinig niya ang Propeta na nagbanggit ng Kamelyo na siyang himala ng Propeta ni Allah na si Sālih sa Propeta natin- at sa kanya ang pinakamainam na pagpapala at pangangalaga,At kabilang din sa kabuuan ng nabanggit niya ay ang yaong kumatay nito na tinatawag sa pangalang: Quzār na siyang pinaka-masama sa mga mamamayan,At nagbigay siya ng paglalarawan sa kanya-Siya ay Walang katulad,Matindi [sa pagpapalaganap ng] katiwalian,walang nakakagapi sa kanya sa lipon niya.Pagkatapos ay sinabi niya sumakanya ang pagpapala at pangangalaga sa Sermon niya:Sinasadya ng isa sa inyo na paluin ang asawa niya tulad ng pagpalo sa isang alipin"Napag-alaman dito ang pagpapahintulot sa malumanay na pagdidisiplina mula sa malakas na pagpalo.at ang mga kilos na humahantong sa pagpapahintulot ng pagpalo sa mga kababaihan maliban dito,at sa konteksto ng Hadith, ay pag-iwas na mangyari ang dalawang bagay para taong may kaisipan.Ang magmalabis sa pagpalo ng asawa niya pagkatapos ay makikipagtalik Siya sa kanya sa mga natitirang araw o gabi niya,At ang pagtatalik o paggalaw, ito ay pinag-iinam kapag may kasamang pagkagusto at pagnanasa sa pagtatalik.At ang napalo sa kadalasan ay

umiiwas sa sinumang pumalo sa kanya,Kaya nangyari ang palatandaan sa panlalait rito,At tunay na kapag ito ay nararapat,Mangyaring ang pagdidisiplina ay gawing sa pamamagitan ng malumanay na pagpalo na kung saan ay hindi makakamit ang ganap na pag-iwas,Huwag magmalabis sa pagpalo at huwag magmalabis sa pagdidisiplina.Pagkatapos ay ( pinangaralan sila) ibig sabihin ay:Binalaan sila sa ( pagtawa nila sa pag-utot) sapagkat ito ay sumasalungat sa magandang kaugalian,at Dahil sa napapaloob rito na paglalantad sa ipinagbabawal at Nagsabi siya sa paninira dito na:(( Bakit tumatawa ang isa sa inyo sa ginagawa niya?))At ito ay Dahil sa ang pagtawa ay ginagawa sa mga bagay na nakakamangha at sa mga kakaibang pangyayari,nakikita ang epekto nito sa panlabas na kaanyuan Kaya nagagawa ang pag-ngiti.Kapag ito ay lumakas at nagkaroon ng tunog,[tinatawag] itong pagtawa,at kapag tumaas pa ito ay [ay tinatawag] na Halakhak,at kapag ang bagay na ito ay karaniwan sa bawat tao,Ano ang saysay ng pagtawa sa pangyayari nito sa sinumang nangyari sa kanya ito

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3070

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee